

Iniinom na Gamot Laban sa Gout

- Gout
- Klase ng mga Iniinom na gamot laban sa Gout
- Mga karaniwang epekto at Pag iingat
- Pangkalahatang Payo
- Pakikipag usap sa inyong Doktor
- Pag iimbak ng iniinom na gamot lban sa gout

Gout

Ang gout ay isang uri ng sakit sa buto kung saan ang uric acid crystals (monosodium urate) ay nakadeposito sa loob at sa paligid ng mga kasukasuan. Ito ay sanhi ng hindi kontroladong metabolic disorder, na nagdudulot ng sobrang uric acid sa dugo (hyperuricemia). Ang uric acid ay isang metabolic waste na gawa mula sa metabolism ng purines (nakikita sa maraming pagkain at sa tissue ng tao) at inilalabas lamang sa pamamagitan ng bato. Kung ang sobrang paggawa o mababang paglalabas ng uric acid ay lumitaw, ang uric acid crystals ay maaaring mabuo at madeposito sa loob at sa paligid ng kasukasuan, na magdudulot ng pag atake ng gout. Subalit, ang hyperuricemia ay hindi kapareho ng gout, at ang walang sintomas na hyperuricemia ay hindi nangangailangan ng lunas.

Ang karaniwang sintomas nito ay ang biglaan at matinding pananakit ng kasukasuan, na may pamamaga at pamumula. Ang malaking kasukasuan ng malaking daliri sa paa ay karaniwang apektado, kahit na ang gout ay nakaka-apekto sa halos lahat ng kasukasuan at maaaring lumitaw sa mahigit isang kasukasuan ng sabay sabay. Ang kasukasuan patungo sa dulo ng mga paa't kamay ay mas madalas maapektuhan, kasama ang gitnang bahagi ng paa (ang lugar kung saan nakalagay ang sintas ng sapatos), bukong -bukong, tuhod, daliri, siko at sa may pulso.

Ang mga kalalakihan ay mas madalas magkaroon ng gout kaysa sa kababaihan, dahil ang reproductive hormone ng babae ay nakakabawas sa lebel ng uric acid sa paglalabas nito sa pamamagitan ng mga bato. Bukod dito, ang matatanda, mga taong umiinom ng sobrang alkohol o kumakain ng pagkaing mayaman sa purine (hal. mga lamang loob, shellfish, atay, lamang dagat), at doon sa mga may mataas na presyon ng dugo, diabetes, sakit sa bato o nainom ng diuretics ay madaling kapitan ng gout.

Mga Klase ng Gamot na laban sa gout

Ang Gout ay lubhang masakit, subalit ito ay nalulunasan. Ang mga iniinom na gamot laban sa gout ay ang pinaka karaniwan at epektibong paraan para malunasan at maiwasan ang pag atake ng gout. Lahat ng rehistradong gamot laban sa gout sa Hong Kong ay makukuha sa anyong iniinom na dosis hal. Tableta, kapsula, at ang iba sa kanila ay makukuha rin sa anyong injectable. Karamihan sa produktong ito ay gamot na inirereseta lamang, habang ang iba sa kanila ay sa botika lamang (hal. Ibuprofen at allopurinol) at gamot na mabibili sa counter (hal. probenecid), subalit, lahat sila ay kinakailangan ng masusing pangangasiwa sa ilalim ng tagubilin at payo ng doktor.

Ang iniinom na gamot laban sa gout ay maaaring uriin sa dalawang kategorya: ang gamot upang mapaginhawa ang sintomas sa atake ng gout at ang gamot upang maiwasan ang mga darating na pag atake ng gout.

Ang gamot upang mapaginhawa ang sintomas sa pag atake ng gout

- Non-Steroidal anti inflammatory drugs (NSAIDs): isang uri ng pampawala ng sakit na maaaring makapigil ng pamamaga at kirot sa pag atake ng gout. Halimbawa ay ang ibuprofen, naproxen, diclofenac at indomethacin. Para sa karagdagang impormasyon sa NSAIDs, maaaring sumangguni sa http://www.drugoffice.gov.hk/eps/do/en/consumer/news_informations/dm_03.htm
- Colchicine: maaari itong gamitin kung ikaw ay hindi maaaring uminom ng NSAID o kung ang NSAID ay hindi epektibo. Hindi ito pampawala ng kirot, subalit gumagana ito sa pamamagitan ng pagbabawas sa kakayahan ng uric acid crystals na pamagain ang mga hibla ng kasukasuan, kung saan mababawasan ang pamamaga at kirot na may kaugnayan sa pag atake ng gout.
- Corticosteroids: ay isang uri ng steroid na ginagamit upang malunasan ang malubhang kaso ng gout. Pinipigilan nito ang pamamaga at kirot dulot ng gout. Kailangan itong gamitin sa mga taong hindi tumutugon sa ibang lunas o hindi maaaring uminom alinman sa NSAIDs o colchicine. Halimbawa ay ang prednisone at prednisolone. Para sa karagdagang impormasyon sa iniinom na corticosteroids maaaring sumangguni sa http://www.drugoffice.gov.hk/eps/do/en/consumer/news_informations/dm_02.html

Gamot na makapigil sa darating na pag atake ng Gout

- Xanthine oxidase inhibitors: binabawasan ang paggawa ng uric acid sa pamamagitan ng pagpigil sa enzyme na tinatawag na xanthine oxidase, na siyang responsable sa pagpapalit ng purines upang maging uric acid. Halimbawa nito ay

ang allopurinol at febuxostat.

- Uricosuric agents: pinatataas ang pag aalis ng uric acid sa pamamagitan ng bato, kaya bumababa ang antas ng uric acid. Bihira itong gamitin dahil sa kanilang epekto. Halimbawa nito ang probenecid at benzbromarone.

Karaniwang Masamang Epekto at Pag iingat

Gamot laban sa Gout	Karaniwang Masamang Epekto	Pag iingat
Gamot na makapipigil sa darating na pag atake ng gout		
1. NSAIDs (hal. Ibuprofen, naproxen, diclofenac)	<ul style="list-style-type: none"> • pagduduwal • Pagsusuka • pagtatae • Pagtigas ng dumi • Kawalan ng gana sa pagkain • Panantili ng tubig sa katawan • Pananakit ng tiyan • Hypersensitivity reaction • Sakit ng ulo • pagkahilo 	<ul style="list-style-type: none"> • Kailangang gamitin ng may pag iingat sa mga matatanda, mga babaeng nagpapasuso, mga pasyenteng may sakit sa puso, may hika, sakit sa atay o bato at problema sa pagdurugo • Hindi dapat gamitin sa mga pasyenteng may kasaysayan ng hypersensitivity sa aspirin o iba pang NSAIDs, aktibong gastro-intestinal ulceration o pagdurugo sa bituka at malubhang sakit sa puso. • Hindi dapat gamitin sa mga buntis • Ang matagalang paggamit ng ibang NSAIDs (hal. diclofenac) ay maaaring maiugnay sa pagbaba ng kakayahang magbuntis ng kababaihan, na maaaring mabaligtad kapag itinigil ang paglunas • Dapat inumin ng may gatas o pagkain, o gamit ang energy-coated formulations • Ang proton pump inhibitor ay maaaring makabawas ng peligro sa NSAID na nagiging sanhi sa

		masamang epekto ng GI.
2.Colchicine	<ul style="list-style-type: none"> • Pagduduwal • Pagsusuka • Pagtatae • pananakit ng tiyan • pantal 	<ul style="list-style-type: none"> • Kinakailangang gamitin ng may pag-iingat sa mga matatanda, mga pasyenteng may sakit sa puso, atay, o bato, o sakit sa bituka at mga kababaihang nagpapasuso. • Hindi dapat gamitin sa mga pasyenteng may sakit sa dugo • Hindi dapat gamitin sa mga buntis • Ang mga nasosobrahan sa dosis ay maaaring maging malubha dahil sa maliit na saklaw ng paggamot • Kailangang itigil agad ang paggamit kung myoneuropathy o rhabdomyolysis ay lumitaw, ang mga pasyenteng may bawas na paggalaw ng atay at mas may espesyal na peligro
3. Corticosteroid (hal. prednisone at prednisolone)	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtaas ng timbang • pagnipis ng mga buto • matagal na paghilom ng sugat • mataas na tyansang makapitan ng sakit • pagnipis ng balat • paghihina ng mga kalamnan • mabilis na pagbabago ng ugali 	<ul style="list-style-type: none"> • gamitin ng may pag-iingat sa mga matatanda, sa mga pasyenteng may sakit sa puso, recent myocardial infarction, mataas na presyon ng dugo, diabetes mellitus, epilepsy, glaucoma, hypothyroidism, pagbagsak ng atay, sakit sa buto, peptic ulceration, psychoses o malalang affective disorder, at kapansanan sa bato. • Hindi dapat gamitin sa mga pasyenteng may malubhang impeksyon na hindi mapigil sa pamamagitan ng tamang antimicrobial na paglunas at aktibong quiescent tuberculosis • Ang biglaang withdrawal matapos gumamit ng corticosteroid sa mahabang panahon ay maaaring

		<p>makapagdulot ng malubha o nakamamatay na komplikasyon dahil sa acute adrenal insufficiency</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang peligro sa bulutong at malubhang herpes zoster ay mataas sa mga pasyenteng walang panglaban na tatanggap ng dosis na panglunas ng systemic corticosteroids • Ang mga pasyente ay kinakailangang regular na masuri (hal. Ipinapasok at inilalabas na likido, timbang, pananakit sa likod) sa panahon ng matagalang kurso ng corticosteroid therapy
<p>Gamot na Makakaiwas sa Darating na pag atake ng Gout</p>		
<p>4. Xanthine oxidase Inhibitors (hal. Allopurinol at febuxostat)</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Pantal • Pananakit ng tiyan • Pananakit ng ulo • Pagtatae • Pagkahilo • Malaise • paghina ng paggana ng atay (para sa febuxostat na syang minemetabolise ng atay) 	<ul style="list-style-type: none"> • Hindi maaaring simulan sa panahon ng malalang pag atake • Ang pagsisimula ng paglunas ay maaaring makabuo ng malalang atake • Magbigay ng prophylactic NSAID (hindi aspirin o salicylates) o colchicine ayon sa direksyon ng doktor pagkatapos maitama ang hyperuricaemia. • Ang paglunas ay dapat ituloy sa parehong dosis kapag nagkaroon ng matinding atake. • Ang dosis ay dapat bawasan sa mga may kapansanan sa atay o bato • Kinakaialangang itigil agad kung may lumitaw na pantal, dahil maaari itong magpakita ng bihira ngunit malubhang indikasyon ng hypersensitivity reaction hal. mga

		<p>natutuklap na pantal, ang Stevens- Johnson Syndrome, at toxic epidermal necrolysis (mga pasyenteng may kapansanan sa atay o bato ay may espesyal na peligro)</p> <ul style="list-style-type: none"> • Sapat na likidong iniinom (2-3 litro/bawat araw) ay kinakailangan (para sa allopurinol na minemetabolize ng bato) • Hindi dapat gamitin sa mga pasyenteng may ischaemic na sakit sa puso o sakit sa puso mula pagkabata (para sa febuxostat)
<p>5. Uricosuric agents (hal. probenecid at benzbromarone)</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Pananakit ng tiyan • Pagtatae • Pagduduwal at pagsusuka • Sakit ng ulo 	<ul style="list-style-type: none"> • Hindi dapat simulan sa panahon ng malalang atake • Ang pagsisimula ng paglunas ay maaaring magdulot ng malalang atake • Ang pagbibigay ng prophylactic NSAID (hindi aspirin o salicylates) o colchicine ayon sa direktiba ng doktor matapos maitama ang hyperuricaemia • Ang paglunas ay kinakailangang ituloy sa kaparehong dosis kung magkaroon ng malubhang pag atake • Sapat na likidong iniinom (2-3 litro/kada araw) ay kinakailangan • Hindi dapat gamitin sa mga pasyenteng may kasaysayan ng uric acid renal calculi • Kinakailangang gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may kasyasayan ng peptic ulceration at G6PD deficiency (para sa probenecid)

		<ul style="list-style-type: none"> • Ang hepatotoxicity ay maaaring maging malubha, kaya't ang pagbabantay sa paggana ng atay ng pana panahon ay inirerekomenda (para sa benzbromarone)
--	--	--

Pangkalahatang Payo

- Magpahinga at itaas ng paa't kamay habang umaateke ang gout, iwasang untugin ang apektadong kasukasan.
- Maaaring maglagay ng yelo sa apektadong kasukasan nang di hihigit sa 20 minuto
- Ang gout ay hindi nagagamot. Subalit ang pag atake ng gout ay maaaring maiwasan sa pamamagitan ng pag-inom ng iniresetang gamot ayon sa direksyon at ang paggawa ng anumang rekomendasyon sa pagbabagong nakaugalian.
- Maging pamilyar sa pangalan at dosis ng gamot na inyong iniinom. Maging maingat sa posibleng epekto nito.
- Iwasan ang mga pagkaing mayaman sa purine, kasali na ang mga lamang loob (tulad atay, bato at puso), pagkaing dagat (tulad ng tahong, mga kabibi, alimasag, hipon, ibang isda at sardinas), sobrang pagkain ng karne, beans, kabuti, cauliflower, spinach at asparagus.
- Iwasan ang mga pagkaing mataas sa taba o asin.
- Iwasan ang alkohol at may asukal na softdrinks
- Iwasan maging sobra ang timbang at magkaroon ng regular na ehersisyo.

Pakikipag usap sa inyong Doktor

- Kumonsulta kaagad sa inyong doktor kapag makakaranas ng biglaan at matinding panankit ng kasukasan
- Kumuha kaagad ng payong medikal kung kayo ay may lagnat at ang inyong kasukasan ay mainit at namamaga. Maaaring mayroon kayong impeksyon sa kasukasan.
- Makipag usap sa inyong doktor para sa pinakamainam na panglunas. Ang inyong doktor ay mag rereseta ng pinaka akmang gamot matapos ikonsidera ang inyong kondisyon at tugon sa gamot.

- Ang mga gamot laban sa gout ay maaaring maugnay sa ibang gamot. Ipaalam sa inyong doktor ang tungkol sa gamot na inyong iniinom, kasama na ang over-the-counter na mga gamot, upang makapag desisyon kung ang gamot laban sa gout ay ligtas gamitin para sa iyo.
- May mga pagkaing may potensyal na makapag pababa ng lebel ng uric acid, kabilang ang kape, mga pagkaing mayaman sa bitamina C (hal. orange) at cherries. Kumonsulta sa inyong doktor kung kayo ay maaaring kumain ng mga pagkaing ito.
- Ipaalam sa inyong doktor ang inyong medikal na kasaysayan, dahil ang ibang karamdaman ay maaaring mangailangan ng masusing pag-iingat. Ang gamot laban sa gout ay hindi dapat inumin ng mga buntis at nagpapasuso.
- Humanap kaagad ng payong medikal kung kayo ay makaranas ng anumang sintomas o pinaghihinalaang masamang epekto na may kinalaman sa gamot laban sa gout. Ang doktor ay maaaring pag-aralang muli ang uri ng inyong gamot.
- Magkaroon ng regular na follow up ayon sa payo ng inyong doktor.

Pag iimbak ng gamot laban sa gout

Ang iniinom na gamot laban sa gout ay kinakailangang itago sa malamig at tuyong lugar. Maliban kung isinasaad ng label, ang gamot ay hindi dapat itago sa refrigerator. Gayundin, ang gamot ay dapat itago ng maayos sa isang lugar na hindi maaaring maabot ng bata upang maiwasan ang aksidenteng pagkakalunok nito.

Pagkilala: Ang Tanggapan ng Gamot ay gustong magpasalamat sa Propesyonal na Kaunlaran at Tiyak na Kalidad (PD&QA) para sa kanilang mahalagang kontribusyon sa paghahanda ng artikulong ito.

Tanggapan ng Gamot
Kagawaran ng Kalusugan
Pebrero 2015